Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-15 REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 19 MAYO 2008, IKA - 9:30 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis - Tagapangulo
Konsehal Agustin L. Cusi
Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Hernan C. Erorita
Konsehal Bernabe S. Mortel
Konsehal Edren Y. Faderon
Konsehal Napoleon M. Dimapilis
Konsehal Larry V. Salazar - Pangulo, Liga ng Barangay
Konsehal Mary Jamaica Jeigh Q. Sarmiento – Pangulo, Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo:

Konsehal Jocelyn G. Solabo - OB, PCL – Bulalacao, Or. Mindoro

KAPASYAHAN BLG. 029
Taong 2008

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NI G. ALEJANDRO R. ONTE, NAGING KAGAWAD NG BARANGAY LITTLE TANAUAN, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKAT, si G. Alejandro R. Onte ay tunay na simbolo ng isang masipag at matapat na lingkod-bayan;

SAPAGKAT, sa kanyang paglilingkod bilang konsehal ng barangay sa loob ng mahabang panahon pinagsikapan niyang matugunan sa abot ng kanyang kakayahan ang mga tungkulin na sa kanya ay iniatang;

SAPAGKAT, sa panahong inilagi niya sa daigdig, ipinakita niya ang pagsisikap na maging mapagmahal at responsableng ama ng pamilya;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sampu ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ay lubos na nakikiramay at

nakikidalamhati sa mga naulila ni Kgg. Alejandro R. Onte, naging kagawad ng Sangguniang Barangay ng Little Tanauan ng bayang ito.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Cesar T. Baticos na sinang-ayunan ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa pamilya ng pumanaw na G. Alejandro R. Onte, naging kagawad ng Sangguniang Barangay ng Barangay Little Tanauan, Roxas, Silangang Mindoro ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at kawani ng Pamahalaang Bayan ng bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa kanyang maybahay, mga anak at mga kaanak lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

PINAGTIBAY : 19 Mayo 2008

PINATUTUNAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:

VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

JACKSON CINCO DY
Punong Bayan

merz/
051908